

# 1

Unang pagkakataon ni Paisley Jimenez na libutin ang bakuran ng bahay na kanilang nilipatan nang nakaraang linggo lamang. Kumita nang malaki sa ibang bansa ang kanyang ama kaya natupad ang kanilang pangarap na makabili ng bahay sa exclusive subdivision ng *Commonwealth Hills*. Ang kanilang bahay ang pinakamaliit at pinaka-dilapidated doon dahil hindi man lamang nag-renovate ang dating may-ari. Pasalamat niya ay hindi sila lumipat ng ibang bayan; napalayo lang siya sa kinalakihang neighborhood.

*Nangangapitbahay naman kaya ang mga tao dito?* isip niya. Napangiti siya dahil mas marami siyang maaakyatang puno kaysa noong dati na pader ng kapitbahay ang kanyang inaakyat. *Tiyak na lalong mawiwili si Regina May na pumunta at palaging tumambay dito kung mayroon kaming swimming pool,* nakangiti niyang sabi sa sarili dahil may puwang na sa lote para sa isang swimming pool.

Dinig niya sa background ang kanyang mga magulang na nandoon sa porch at nagpapahangin. Sinasaway ng mga ito ang kanyang pitong taong

gulang na kapatid na si Brenda.

Malapit na namang umalis ang kanyang ama patungong States; hinintay lamang nitong ma-settle sila sa bagong bahay bago ito umalis. Narinig niya nang nakaraang gabing magkausap ang kanyang mga magulang at hindi alam ng mga ito na siya ay nakikinig; may gustoip ang kanyang ama na venture na kanilang pagkakakitaan. Magpapadala raw ito ng balikbayan box kada taon; ang laman ng malaking kahon ay mga segunda-manong damit at kung anu-ano pang mga bagay na puwedeng ibenta sa secondhand market.

Narinig niya ang skeptical na tugon ng kanyang ina:

“Wala ka bang balak na ipetisyon kami ng mga anak mo?”

Narinig din niya ang atubiling sagot ng kanyang ama. Alam niyang patungo na ang usapan sa isang mainitang diskusyon kaya umalis na siya sa puwesto ng kanyang pakikinig.

Napatingin si Paisley sa puno ng caimito sa dulo ng bakuran; palipas na ito sa panahon. Ang mga puno ng bayabas, mangga, at santol ay namumulaklak pa lamang. Suko na sana siyang maghanap ng mapipitas

na prutas nang makakita siya ng puno ng macopa—pero iyon ay nasa kabilang bakuran at mataas ang pader.

“Nakakainis!” bulong niya sa sarili na lumapit sa pader na naghihiwalay sa kanilang bakuran mula sa kapitbahay saka niya tiningala ang puno na hitik sa bunga. “Paborito ko pa naman ang macopa!”

Nagpalinga-linga siya na naghanap ng paraan para maabot ang mga prutas na nakalaylay sa kanilang bakuran. May isang shed sa likod-bahay kung saan nandoon ang garden tools. Nagtungo siya roon at nakatagpo ng isang kartilya at isang lumang bangkito na medyo mataas. Mayroon doong hagdan na puwede sana niyang gamitin pero kahina-hinala ang lagay niyon; parang malapit nang bumigay ang mga pakong kinakalawang kaya minabuti niyang gamitin ang kartilya at bangkito.

Pinagmasdan muna ni Paisley ang kanyang suot na damit kung akma ba iyon para sa pag-akyat ng pader. Napangiti siya dahil alam niyang komportable ang kanyang shorts na maong at gray na kamiseta na may tatak na *Les Miserables* na ayon sa kanyang ama ay isang vintage souvenir t-shirt na kasing-edad niya. Ipinatong niya ang bangkito sa ibabaw ng kartilya at tumindig sa ibabaw niyon. Nakuha niya ang

mga prutas na nakalawit sa kanilang bakuran, pero naging gahaman siya kaya sa isang swing ng kanyang mga binti ay nakaakyat siya sa ibabaw ng pader at tumambad sa kanyang mga mata ang grandeur ng kabilang bakuran.

---

Kaagad na napukaw ang paningin ni Paisley sa napakalaking kidney-shaped swimming pool. Parang carpet sa kinis ang Bermuda grass; ang mga palmera sa suluk-sulok ay pagkalagu-lago; ang mga philodendron at bromeliad sa mga puno ng niyog na strategic ang kinalalagyan ay may sariling pang-akit sa bawat makakita. Mayroon pang pool house sa di-kalayuan; may isang cottage na marahil silungan kapag may naliligo. Ang unahang bahagi ng bakuran ng kapitbahay ay rehas na ginagapangan ng sampaguita na hanggang sa kanyang kinalalagyan ay amoy ang bango ng mga bulaklak. Hindi niya halos makilala kung anu-anong mga halaman ang nandoon. Ang nakakatuwa pa ay ang mga gansa na may sarili nilang lubluban sa di-kalayuan at nagpapahinga ang mga ito sa tabi ng tubig.

*Hindi kagaya ng mga halaman dito sa bakuran namin na kailangan ng TLC...*

Nang makita na niya ang dapat makita ay umupo

siya nang komportable sa ibabaw ng pader at inapura ang pamimitas ng macopa na nasa bahagi ng bakuran ng kapitbahay.

*Ah, pagnanakaw na ito*, aniya sa sarili na ikiniskis lang sa kamiseta ang prutas dahil hindi na siya makapaghintay na hugasan ang mga iyon. Hindi siya masyadong nakonsyensya dahil nakita niyang walang kumakain sa mga iyon. Marami nang bunga ang nalaglag sa lupa at tiyak na mga ibon, insekto, at uod ang nakikinabang. *Sayang naman...*

Nang maubos ang mga macopa na kaya niyang abutin ay hindi pa siya nasiyahan kaya lumambitin siya sa isang sanga na kaya ang kanyang bigat at lumipat sa isa pang bahagi ng puno na hitik ng bunga.

Walang anu-ano ay namataan ni Paisley ang isang lalaki na lumakad patungo sa swimming pool. Sa hula niya ay halos kasing-edad niya ito. Namalikhata pa siya dahil noon lang siya nakakita ng ganoon kagandang lalaki na napakatangos ng ilong, dark brown ang buhok at ang katawan ay may promise ng isang mala-atletang build.

Habang kinakain ang macopa ay spellbound niyang pinanood ang bawat kilos nito. Nag-stretching exercise muna ang estranghero bago napaka-graceful na nag-dive. Nang lumusong ito sa tubig ay isang

golden Labrador Retriever na may kagat na *Frisbee* disc ang lumapit dito nang maupo ito sa reclining chair. Naglaro ang mga ito ng 'Catch' hanggang sa mapadako ang disc sa tapat ng punong macopa.

“What is it, Momo?” tanong ng binatilyo nang makalapit sa aso na noon ay nakatingala sa puno ng macopa.

Sa kanyang pagkataranta ay nagahol si Paisley na kumapit sa isang sanga at nadulas ang kanyang kaliwang paa. Imbis na makahawak ay nawalan siya ng balanse at ipinikit na lamang ang mga mata nang siya ay tuluyang nahulog.

---

Sariwa pa sa isipan ni Paisley ang pangyayari nang nakaraang araw nang mahulog siya sa puno ng macopa at si Edward Gilbert Santillan, kilala sa palayaw na Egil, na pinilit na saluhin siya sa kanyang pagkakahulog ang siyang nabalian ng braso. Mabuti na lamang at nandoon lang sa di-kalayuan ang hardinero ng mga Santillan kaya mabilis itong nakalapit para tumulong. Hindi niya nakuhang magpaumanhin o kausapin ang binatilyo. Pinanood niya itong isinakay sa kotse para dalhin sa ospital.

Ang housekeeper na si Aling Rufina ang kanyang

nakausap at dito siya umamin at nagpaumanhin.

“Hindi mo ginusto na saktan siya,” malumanay nitong sabi.

“Puwede ko po ba siyang dalawin sa kanyang pagbalik?” tanong niya.

“Puwedeng-puwede,” magiliw nitong tugon, “iyon ay kung dito siya iuuwi pagkagaling sa ospital.”

“Po?” Hindi niya naunawaan ang sinabi nito.

“Nandito lang ang mga Santillan tuwing weekend at saka mga araw na walang pasok,” paliwanag nito. “Bukas ay may pasok na muli si Egil.”

Kaya lulugu-lugo siyang umuwi na iniisip kung napaano na si Egil. Kaya nang sumunod na Sabado ay halos maya't maya siyang nakasilip sa bakuran ng mga Santillan sakaling nandoon ang binatilyong gusto niyang kausapin at makitang muli.

Nang pangalawang Sabado ay sinuwerte siya dahil bakasyon na mula sa eskuwelahan.

“Kumusta ka na?” kimi niyang tanong matapos siyang pagbuksan ng tarangkahan ng isang katulong at nandoon lang sa balkonahe si Egil na noon ay katatapos lang makipag-usap sa wireless na telepono.

“Heto,” anitong iginalaw ang sementadong kanang kamay; ang plaster ay puno ng sulat ng pangalan ng mga babae at numero ng telepono.

“I am sorry,” mahina niyang paumanhin na lumapit, may dalang plastic bag na itinatago sa kanyang likuran.

“Don’t be,” nakangiti nitong tugon, “may advantages din na nangyari nang mabalian ako. Please sit down.”

Naupo si Paisley sa karatig na silya na nakatingin pa rin sa mukha nito at namangha kung gaano ito kakinis; kung gaano kapula ang mga labi at napakaputi ng mga ngipin. Gustoip pa nga niya na baka nangingintab ang ilong niya sa pawis dahil napakainit ng panahon.

“Anong advantage?” usisa niya.

“Hindi mo ba nakikita ang mga cellphone numbers na nakuha ko?” nakangiti nitong sabi na pinagmasdan ang mga nakasulat na pangalan sa plaster ng braso. May love messages pa roon at drawing ng puso na may deklarasyon ng pag-ibig.

“Kaso, ako itong kinokonsyensya,” asiwa niyang turan. “Hindi matatahimik ang kalooban ko hangga’t hindi ako nakakagawa ng mabuti para sa



‘yo. Malamang kasi, ako ang bali ang buto ngayon. O baka nga mas malala pa ang nangyari kung hindi mo ako sinalo.”

“Hindi pa kita kilala,” nakangiti nitong saad na ang kaliwang kamay ang inilahad. “Ako si Edward Gilbert, pero tawagin mo na lang akong ‘Egil’.”

“Ako si Paisley,” tugon niyang kinuha ang kamay nito, “Paisley Jimenez, at your service.”

“You’re not serious,” iiling-iling nitong turan.

“Totoo ang sinabi ko,” aniyang halos magningning ang mga mata. “May dala ako dito.” Kinuha niya ang plastic bag at inilabas ang laman niyon. “Nagbabasa ka ba ng comics?”

“Depende kung anong klaseng comics ‘yon,” nakangiti nitong tugon.

“Meron ako ditong *X-men* at ilan pang mga *DC Comics*,” aniyang inihayag ang mga babasahin sa ibabaw ng mesang salamin at itinulak ang mga iyon sa direksyon ng binatilyo.

“Cool!” masayang sabi nito nang makita ang mga babasahin. “Ito ang mga issues na wala ako at mahirap hanapin! Where did you get them?”

“Padala ng daddy ko galing Amerika,” aniyang

napatingin sa ibaba dahil lumapit sa kanya ang golden Labrador na si Momo. Hinimas niya ang likod ng tainga nito bago ito nahiga sa kanyang paanan. “I think he likes me.”

---

Seryoso nga siya nang sabihin niyang: “*Paisley Jimenez, at your service.*”

Nang susunod na mga araw ay ipinagpitas pa niya si Egil ng bulaklak na inilagay sa ibabaw ng mesa sa balkonahe; doon nito gustong maupo dahil mahangin.

Nandoon din palagi ang asong si Momo na naghihintay na ito ay laruin kaya si Paisley na ang nakikipaglaro rito o inilalakad ito sa palibot ng subdivision na kung minsan ay sumasama rin si Egil.

Hindi hiniling ng binatilyo na gawin niya ang mga bagay na iyon, pero dahil masaya siyang kasama at hindi mahilig sa mga girl talk, nawili ito sa kanyang company. Nang mga sandaling iyon ay isinama siya ni Egil sa silid-tulugan nito para ipakita ang collection nito ng mga vintage *Matchbox* na kotse.

“May mga car models na gusto kong mahanap,” anitong binuksan ang cabinet na de-salamin at kinuha nito ang isang modelo ng sports car. “Ito ang isa sa

mga paborito ko.”

“Anong kotse ito?” tanong niyang kinuha ang pulang kotse na sa tingin niya ay streamlined at moderno. “Napakabilis siguro ng tunay na kotse, ‘no?’”

“Iyan ang *Porsche 910* model 1966,” paglalarawan nito. “Puwede ring sabihing *Carrera 10*. Ang *Matchbox* na iyan ay gawa noong 1970.”

“Okay, so ang toy car na ito ay matanda pa sa ating dalawa?” aniyang puno ng interes na pinagmasdan ang mga kotse.

“Lahat ng mga toy cars na nasa loob ng cabinet na ito ay vintage *Matchbox* na Made in England, hindi Made in China,” tugon nito. “Ang tito ko sa Amerika ang nagpapadala ng mga ito sa akin. Ewan ko kung saan-saan sila bumibili. But I am grateful. At saka ayaw ko ng hindi *Made in England*.”

“Ganoon?” aniyang napatango. “Kapag may trabaho ka na, bibilhin mo ba ang mga ito sa actual size?”

“If I can afford it,” sabi nitong may wishful thinking. “Who knows? Pero hindi ko iniisip na maging collector ng vintage cars. Ang gusto ko lang ay mabili ‘yung modelong gusto ko.”

“Which is?” untag niya.

“I want to have an *Alfa Romeo Spider*,” nagmamalaki nitong tugon na kinuha sa cabinet ang *Matchbox* replica ng kotseng iyon. “Hindi ako bilib sa pagkokolekta ng mga kotse, the cars will just end up in a garage as trophies.”

“Tama ka d’yan,” natatawa niyang pagsang-ayon. “Sa palagay ko, ang mga lalaking nangongolekta ng kotse ay mga playboy!”

“Ah, hindi ako ganoon,” tanggi nitong inaakbay ang malusog na kaliwang braso sa kanya habang tangan niya ang modelo ng isa pang kotse. “Alam mo, kahit pulos sports car ang mga nasa cabinet, may isang *Matchbox* car ang hindi ko pa nakikita pero may konti pa ring gumagala sa mga kalye dito sa Pilipinas.”

“Ano ‘yon?” tanong niyang namimilog ang mga mata.

“Pagong na pendong,” anitong may boyish na ngiti. “I want a *Volkswagen Beetle*, ‘yung model 1968!”

“Talaga?” natawa niya sabi. “Si Egil Santillan, sports car enthusiast, ang pangarap ay isang pagong na *Beetle*!”

Isang araw ay kontento silang naglalakad sa kahabaan ng Main Avenue ng *Commonwealth Hills*, iniakbay ni Egil ang malusog nitong braso kay Paisley habang tangan niya ang dulo ng leash ni Momo.

“Akala ko ay magiging boring ang bakasyon ko,” masayang umpisa nito na nilinga siya at aminado na nagagandahan ito sa medyo tomboyish na kapitbahay. “Busy si Daddy sa business; si Mommy naman ay palaging nagbibiyaha. Thanks to you, mayroon akong kausap.”

“Nasaan ang mga friends mo?” tanong ni Paisley. “At saka wala ka bang girlfriend?”

“Karamihan ng mga kaibigan ko pati na rin ang girlfriend ay nagbabakasyon sa ibang bansa,” nonchalant nitong sagot.

“Nami-miss mo siya?” Parang may sumikdo sa kanyang dibdib.

“Hmm... not really,” tugon nitong pansumandaling nag-isip. “Actually, I am preparing myself for college, so, medyo hindi ako interesadong magbakasyon at hindi ko kailangan ang distraction.”

“It must be very exciting,” aniyang napangiti na

dagling sinulyapan ang profile nito pagkuwan ay ang kamay nito sa kanyang balikat. Sa kanyang murang edad ay noon lang niya nadama na siya ay ‘wanted’ o ‘needed’. Bawat sandali na kausap niya si Egil ay alam niyang nahuhulog ang loob niya rito.

“Ikaw,” baling nito sa kanya, “wala ka bang boyfriend?”

“Naku, wala!” mabilis niyang tugon.

“Sa hitsura mong iyan, wala?”

“Wala talaga,” aniyang napakibit-balikat. “Sa aming magkakaklase, parang ako na lang yata ang hindi pa nakaka-first kiss. Pero walang naniwala.”

Napatigil ito, siya ay tumigil din, saka siya hinarap. May curious expression sa mga mata nito. Siya naman ay napabiling sa kanan ang ulo na hindi niya alam ay lalo niyang iniharap ang pinakamaganda niyang gesture.

“Somebody whom you haven’t kissed before will believe you,” makahulugan nitong sabi na direktang nakatingin sa kanyang mga mata. “I believe you.”

Naramdaman na lamang niyang nag-init ang kanyang mga pisngi at parang gusto niyang magtago para hindi nito makita ang kanyang pamumula.

Nang gabing iyon habang nakahiga si Paisley sa kanyang kama ay paulit-ulit niyang ni-replay sa isipan ang sinabi ni Egil.

*Ano ang ibig niyang sabihin?*

---

Nang naunang mga araw ay hindi binigyang-pansin ni Paisley kung ano ang kanyang isusuot. Madalas na nakasuot siya ng pantalong maong o kaya ay shorts na puruntong, rubber shoes, at t-shirt. Sa araw na iyon ay gustoipan niyang magsuot ng palda at blusang hakab sa kanyang katawan. Ang slingback espadrille na noong nakaraang taon pa binili para sa kanya ay noon lamang niya maisusuot. Alam niyang wala si Egil nang buong maghapon dahil lumuwas ito para magpa-enrol sa *De La Salle University*. Pero nangako itong uuwi sa *Commonwealth Hills* nang araw ring iyon. Nang makakain ng maagang hapunan ay masaya siyang naglakad patungo sa kabilang kalye.

*Hindi puwedeng gamitin ang palda sa pag-akyat sa pader,* nangingiti niyang sabi sa sarili na may hiling na sana ay mukha siyang attractive sa mga sandaling iyon.

Namataan niya kaagad si Egil na noon ay

hinihintay siya sa balkon.

“Alam mo,” excited nitong kuwento, “yung masungit na matandang lalaki na nakatira sa Fourth Street na mahilig manigaw ng mga taong napapatingin sa kanyang mga halaman sa harapan ng bahay niya ay nakita ko kaninang umaga nang papalabas ng subdivision ang kotse. Gustoip kita dahil mahilig ka sa macopa.”

“Ano ang ibig mong sabihin?” natatawa niyang tanong. “Speaking of macopa, sorry, ha? Ubos na ang mga bunga ng puno n’yo.”

“Kaya nga pupunta tayo sa Fourth Street mamaya para pitasin ang mga macopa ng masungit na matandang iyon,” anunsyo nito. “This is an excitement na gusto kong ma-experience.”

“Baka mahuli tayo?” aniyang namimilog ang mga mata.

“So?” May paghamon ang tono ng boses ni Egil. “We can say sorry.”

“I like that!”

Saka sila sabay na tumawa.

“Naku, hindi tama sa pag-akyat ng puno ang suot ko,” aniyang napatingin sa kanyang kasuotan.



“Sino naman ang makakakita sa ‘yo kundi ako lang,” nakangiti nitong sambit. “Puwede akong tumingin, hindi ba?”

Napamaang siya na nakabiling sa kanan ang ulo.

“Just kidding!”

“Yeah,” tango niya.

Naghintay sila na medyo dumilim-dilim. Nagutos si Egil sa isang katulong na kumuha ng isang plastic bag saka iyon ibinigay kay Paisley bago sila nagsimulang maglakad patungo sa susunod na kalye.

---

“Here,” bulong ni Egil na lumuhod sa lupa, “sumakay ka sa balikat ko.”

Mabuti na lang at pundido na ang ilaw sa poste sa kalyeng iyon kaya madilim doon at lalo pa silang itinago ng malagong halaman sa tabi ng mataas na pader ng bakurang kanilang pinupuntirya.

Sumakay siya sa balikat ng kaibigan saka ito tumindig para makaakyat siya sa pader. Ang plano ay bubuksan niya ang maliit na tarangkahan na nakakandado mula sa loob. Ilang sandali pa ay narinig nito ang kanyang sutsot.

Magkahawak-kamay sila na nagtungo sa kabilang dako ng hardin ng masungit na matandang si Mang Hipolito. May dalang maliit na flashlight si Egil na ipinang-ilaw sa puno. Mabuti na lamang at hindi pa masyadong mataas iyon kaya hindi na nila kinailangang umakyat. Kapwa sila humahagikgik habang namimitas ng mga macopa hanggang sa sila ay matigilan dahil biglang umilaw sa kanilang paligid.

“Hoy! Ano ang ginagawa n’yo sa macopa ko?” sigaw ng matandang may-ari.

“Takbo, bilis!” utos ni Egil kay Paisley na tinanganan ang kanyang kamay bago sila sabay na kumaripas ng takbo. Sa pagmamadali ay nabitawan niya ang plastic bag ng mga macopa.

Madali silang nakalabas ng tarangkahan at imbis na magtungo sa direksyon ng Main Avenue ay iginiya siya ng binatilyo patungo sa kabilang direksyon ng kalye kung saan doon ay mas madilim.

Nakuha pa niyang lumingon at nakitang may dalang shotgun ang matandang lalaki.

Nang medyo makalayu-layo sila ay nakatanaw si Egil ng malagong halaman tabi ng isang pader sa kabilang dako ng kalye at doon sila nagkubli.

Nanginginig siyang sumandal sa pader at ito

naman ay idinikit ang sarili sa kanyang katawan para magkasya sila sa masikip na kanlungan. Sa sobra nilang lapit sa isa't isa ay ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa dibdib nito. Nakiramdam sila at sumilip kung nagbalik na sa bahay nito ang matanda. Kapwa nila nadama ang matinding kabog ng kanilang mga puso.

Nang nasiguro nilang wala na ang humahabol sa kanila ay sabay pa silang napahinga nang malalim.

Tumingala siya para magsalita pero nagkataong nakatingin paibaba sa kanya ang kaibigan ay hindi niya natantya ang kanyang kilos. Naglapat ang kanilang mga labi sa dilim.

Alam ni Paisley nang umuwi siya nang gabing iyon, *Life will never be the same...*

---

Nang sumunod na summer vacation ay puno ng pag-asa si Paisley na makitang muli si Egil kaya halos araw-araw ay sumisilip siya sa bakuran ng mga Santillan. Nahihiya na nga siyang magtanong kung nandoon ba ang binata kapag may natanaw siyang katulong o ang hardinero, kaya minabuti na lang niyang tumiyempo. Inalam din niya ang numero ng telepono ng mga Santillan sa Maynila at tinangka

niyang tumawag. Halos kumabog ang kanyang dibdib habang kumikiriring ang telepono. Pero kapag hindi si Egil ang sumagot ay ibinababa na lang niya.

Nang araw na iyon habang nakaupo sa ibabaw ng pader at inaabot ang mga macopa na nakalawit sa kanilang bakuran ay sinuwerte siya.

Suwerte nga ba iyon na walang anu-ano ay may babaeng lumakad patungo sa reclining chair sa tabi ng pool. Ito ay nakasuot ng isang manipis at maiksing robe at halata sa nipis niyon na ito ay naka-two-piece bikini. Maganda ito at balingkinitan. Nakatali sa isang bun ang buhok nito at tangan nito ang isang malaking tuwalya. Buong seksi itong nahiga sa reclining chair at iyon namang dating ni Egil na may dalang dalawang malalaking baso ng orange juice at iniabot sa babae ang isa.

Naka-shorts ito na hindi kaiksian at ang katawan ay nag-develop nang mabuti nang nakaraang taon. Parang isang swimmer na napakalapad ng mga balikat nito. May dala rin itong tuwalya at inilatag iyon sa katabing recliner saka naupo. Nakita ni Paisley na iniabot ng babae ang kamay nito kay Egil na hinalikan naman iyon.

Parang may kung anong tumarak sa kanyang puso na kahit abot-kamay lang ang macopa ay nawalan

siya ng ganang pumitas. Nakita pa niyang nagtabi ang pares sa iisang reclining chair at nasaksihan ang magiliw na suyuan ng mga ito.

Tinanggal ng lalaki ang pagkakatali ng buhok ng babae para isuklay ang mga daliri nito roon. Ipinatong naman ng huli ang pisngi sa balikat ng binata.

Hindi niya naririnig ang usapan ng mga ito; pero kitang-kita na masaya ang mga ito na naglangoy at nang umahon ay nakita pa niyang itinulak ng babae si Egil na tumimbuwang pabalik sa swimming pool.

Mabilis na nakaahon ang binata at hinabol ang babae. Nagpaikut-ikot ang mga ito sa halamanan hanggang sa manlaki ang mga mata niya dahil patungo ang mga ito sa direksyon na malapit sa puno ng macopa.

“Huli ka!” narinig niyang sabi ni Egil sa malalim nitong boses. Hindi na nakakilos si Paisley dahil nasa tapat na niya ang mga ito.

Sumandal sa puno ng macopa ang babae at hindi na ito makatakas dahil nakulong na ito sa mga bisig ng binata at ang mga ito ay masidhing naghalikan.

*Hindi pala gaya ng pinapanood lang sa TV...* aniya sa sarili na hindi alam kung saan itutuon ang paningin. Hindi siya makatalikod dahil kakailanganin

niyang kumilos; kapag ginawa niya iyon ay baka mabukong nandoon siya. Nanatili na lamang siya sa ibabaw ng pader.

“Kiss me again, Egil,” paanas ng saad ng babae.

Hahalikan sana nitong muli ang kasama, pero nahagip ang mga mata nito ang makulay na t-shirt ni Paisley sa ibabaw ng pader.

“Hello, Paisley!” bati nitong kumaway sa kanya.

“Hi, Egil! Kumusta na?” balik niya ritong sumilip sa pagitan ng mga dahon na tumatakip sa kanyang mukha. “Nasaan si Momo?”

“I’m okay!” masaya nitong tugon. “Nasa loob si Momo. Allergic itong si Jenny sa aso.”

“Baka hinahanap na tayo,” singit ng babae na medyo may inis sa tinig dahil nasa iba na ang attention ng binata. “Tayo nang bumalik sa loob, Egil.”

“Okay,” tango nito na binigyan ng isa pang sulyap si Paisley. “See you around!”

“Yes,” tango niya na sa mga sandaling iyon ay may hawak na isang macopa na hindi niya alintana ay nilamukos na ng kanyang kamay.

## *The Heart Won't Lie - Audrey Torres*

---

Nang susunod na weekends ay walang aktibidad sa bakuran ng mga Santillan. Halos taon ang lumipas ay hindi niya nakita si Egil na kahit pa alam niyang may girlfriend na ay lagi niyang kinasasabikang makita.

Lumipas ang mga taon na kahit pa kapitbahay niya ang lalaking madalas mapanaginipan at laman ng isipan ay hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na makilala ito nang lubusan. Ang tangi niyang kasiyahan ay halos siya na ang nag-alaga sa aso nito hanggang sa ito ay mamatay at siya pa ang naglibing niyon sa ilalim ng puno ng macopa. Isinuko na niya ang kanyang teenage crush sa binata; pero ang pangungupit kapag panahon ng macopa ay nagpatuloy.

## 2

“Halos wala akong nakita,” angal ng kapatid ni Paisley na si Brenda habang sila ay pababa ng balcony ng *Meralco Theater* kung saan nanood sila ng musical na *My Fair Lady*. “Tatanggap ka lang ng complimentary tickets ay sa pinakadulo pa ang puwesto. Microscopic na ang tingin ko sa mga gumanap!”

“Ikaw talaga, wala ka nang ginawa kundi ang magreklamo kapag nagpapasama ako sa iyong manood ng panoorin na gusto ko,” tugon niya na level lang ang boses dahil maraming tao sa paligid. “Noong samahan kitang manood ng *New Moon*, hindi ako nagreklamo kahit pa hindi ko type ang mga pelikulang bampira.”

“Alam kong nag-enjoy ka dahil ang guwapo ni *Edward* ko,” nagmamalaking sagot nito.

“Hindi niya nasaling ang aesthetic value ko,” mariin niyang tanggi. “He looks like a milkfaced chit! No way, I’d rather watch an old movie of Susan Roces and Amalia Fuentes!”

“Kaya walang maka-gets ng style mo, eh,” iilingiling na komento nito, “you are living in the past.”



“Tingnan mo muna ang sarili mo, ano!” balik niya. “Ikaw, ano ang trip mo—romancing the living dead and the immortal? I am, at least, retro 50s, 60s, and 70s; panahon ng mga lola at mga nanay natin!”

Nang makarating sila sa lobby ng teatro ay hindi pa rin sila makalabas dahil halos gitgitan ang mga tao roon. Umuulan sa labas at ang karamihan ng mga nandoon ay naghihintay na humimpil sa covered drive ang kani-kanilang sasakyan.

“Ang lakas ng ulan,” aniya na tumiyad at naghanap ng puwang para makasingit silang magkapatid.

“There is no way na lalabas ako at magpapakabasa para sumakay sa karag-karag mong kotse,” matigas na saad ni Brenda. Humalukipkip pa ito.

“No, hindi mo kailangang sumugod sa ulan,” sabi niya tinanganan ang kamay nito at hinatak ito patungo sa unahang bahagi ng lobby. Nang halos nasa baitang na sila ng entrada ay saka nila nakita ang linya ng magagarang sasakyan na patungo sa covered drive. Halos sabay silang napangangang pinagmasdan ang iba pang mga parokyanong nanood ng musical.

Natagpuan nila ang mga sarili na nakatayo sa tabi ng isang mala-doña na babae na mala-Imelda

Marcos ang bihis at naglalakihan ang mga perlas na kuwintas na suot nito. Ang kalalakihan ay hindi patatalo sa kanilang amerikana at karamihan ng mga babae ay talagang kontodo ang bihis para sa panonood ng musical na iyon.

“Parang kinonsulta muna ang kanyang stylist at nagpa-beauty parlor para lamang manood ng play,” bulong ni Brenda sa kanya. “Mukha tayong mga squatters sa suot natin.”

“Ikaw lang,” nakangiting tugon ni Paisley. “Sinabi ko na kasing pumorma ka kahit konti,” sisi rin niya. “Tingnan mo ako, I am in my little black dress na simple lang plus my favorite turquoise earrings; ayos na ang get-up!”

Sinipat siya nito mula ulo hanggang paa—mula paa hanggang ulo.

“Kung hindi lang kita kapatid, bahala ka sa porma mong mala-Audrey Hepburn sa *Breakfast at Tiffany's!*” bunghalit nito.

Sa lakas ng boses nito ay napatingin sa kanila ang iba pang tao na naroon sa theater lobby.

“O, hayan, tiningnan ka ni *Doña Victorina* na para bang nakakita siya ng kutong titirisin!” asiwang siko niya sa kapatid.

“So?” anitong nakasimangot. “May ticket din naman tayo, ah, complimentary nga lamang!”

“O sige,” aniyang akma na sanang aalis, “kukunin ko na ang kotse...”

“Don’t tell me,” anitong mabilis na tinanganan ang kanyang braso, “ipipila mo ang luma mong kotse among the *BMW*s, *Audis* and *Benzes*?” Nanlalaki ang mga mata nitong nakatingin sa magagarang sasakyan na humihinto sa kanilang harapan.

“That’s the idea,” nakangiting tugon niya. Nagsimula siyang gumilid sa covered drive ng teatro patungo sa paradahan.

---

“Bumaha man ngayon ay tiyak na titirik ang karamihan ng mga sasakyan sa buong Maynila,” bulong ni Paisley sa sarili nang umupo sa harapan ng manibela. Pinihit niya ang susi at pinakiramdaman muna kung aandar ba ang motor ng model 1968 na *Volkswagen Beetle*. “Oh, music to my ears!”

Maingat niyang iminaniobra ang sasakyan patungo sa entrada ng teatro. Suwerte niya na may nagpasingit sa kanya patungo sa covered drive. Marami pa ring mga kotse ang patungo roon para makasakay ang mga naghihintay na theater-goers.

Pero nang halos pitong metro na siya sa tapat ng entrada ay biglang namatay ang makina ng sasakyan.

“Come on,” aniyang pinihit muli ang susi. “Huwag ka dito mag-eskandalo!”

Ayaw umandar ng *pagong* na *pendong*. Bumubusina na ang mga drivers na nasa kanyang likuran kung kaya inis siyang umibis.

Bukas ang pinto ng driver seat ay sabay niyang inapula ang pag-control sa manibela at pagtulak, minantine ni Paisley ang kanyang composure dahil wala siyang magagawa kundi ang itulak ang sasakyan.

Namataan siya ni Brenda na noon ay parang gustong lumubog sa kinatatayuan. Halos takpan nito ang namumulang mukha sa hiya dahil sa *Beetle* nakatingin ang mga taong naroon sa entrada ng teatro. Alam nitong may mga naiinis at karamihan ay natatawa.

“Dapat sa mga kotseng ganyan ay patubuan na lang ng talaba sa dagat!” pasaring ng isang lalaking nakatayo rin sa entrada.

“Parang packing tape na lang ang ginamit para huwag bumagsak ang bumper,” komento ng isa pa.

“Halika dito,” kaway ni Paisley sa kapatid.

“Here, let me help you,” anang isang malalim na tinig mula sa likuran ng kotse. “Go in and control the wheel.”

“Oh,” aniyang napatingin sa lalaki at mabilis din siyang pumasok sa kotse. Itinulak nito ang *Beetle* hanggang sa makalampas ng covered drive at saka iminaniobra niya sa isang tabi sa di-kalayuan kung saan hindi makakaabala sa daloy ng trapiko ang kanyang sasakyan.

“Maraming salamat,” aniya sa estranghero nang umibis siya. Hinawi niya ang basa niyang buhok mula sa kanyang pisngi at tiningnan ang mukha nito—saka siya nagitla nang mapagsino iyon na tumulong sa kanya.

“You are welcome,” simpleng tugon nito na hindi natitigatig na mabasa ng ulan ang kasuotan. Nagsimula itong maglakad pabalik sa entrada ng teatro.

“I am sorry, nabasa ka,” paumanhin niyang hindi mabanggit ang pangalan nito. Sinabayan niya ito sa paglakad at napatingin sa magara nitong bihis. “Puwede bang sagutin ko na ang dry cleaning ng amerikana mo?”

“No, thank you,” anito na napatigil kahit lalo pa

silang mabasa ng ulan. Nakatingin ito sa kanyang mukha at bahagyang napangiti dahil sa intensity ng kanyang titig.

“Akala ko ay extinct na ang mga kagaya mo,” sabi niyang napatigil din at tinitigan din ito. *Lalo siyang gumuwapo over the years! Ang ganda ng kanyang mga mata at ang sarap niyang amuyin...*

“I did it for the traffic,” saad nitong may simpleng ngiti.

“Egil!” kaway ng isang babae mula sa entrada ng teatro.

“I have to go,” paalam na nito sa kanya.

“Sure,” aniyang napatingin sa babaeng tumawag dito at nakitang iyon ay ang kilalang socialite at commercial model na si Georgina Ortega. “Maraming salamat uli.”

“Walang ano man,” tugon nitong umatras nang kaunti na halos mabangga nito si Brenda na noon ay lumapit. Sinundan nito ng tingin ang lalaki.

“Hindi ba iyon ‘yung kapitbahay nating si...?”

“Egil Santillan,” masaya niyang turan na nagsimula nang lumakad pabalik sa nag-breakdown niyang sasakyan.

Maingat na binuksan ni Paisley ang back door na alam niyang patungo sa kitchen quarters. Dala niya ang ilang aklat at isang kahon ng jigsaw puzzle na kanyang hiniram nang nakaraang linggo mula kay Aling Rufina.

Hindi man niya naka-vibes nang mabuti si Egil ay naka-vibes naman niya ang housekeeper pati na rin ang asawa nitong si Mang Ador. Mula noon ay kung kailan niya gusto na pumunta sa bakuran ng mga Santillan ay umaakyat lamang siya sa pader at hayun na siya. Pero ang hindi niya kailanman ginawa ay ang pumunta sa kapitbahay na naroon ang mga mayari. Kung interesado ang mga ito na maging malapit silang magkapitbahay ay noon pa sana nagpakita ng effort ang mga ito na lubos silang magkakilalanan.

*May crush man ako sa kanya mula noon pa, hindi naman ako ganoon kadesperada na gumawa ng hakbang para mapansin niya! Alam niya sa kaibuturan ng kanyang puso na depensa lang niya iyon para maibsan ang lungkot na hindi para sa kanya si Edward Gilbert Santillan. Napatingin siya sa bintana kung saan kitang-kita niya ang buwan saka siya napabuntong-hininga. Iilan lang ang nakarating sa buwan... Hindi ako kasali sa iilan na iyon...*

Halos hindi niya namalayan na masasalubong na pala niya si Aling Rufina sa entrada ng kusina.

“Naku! Nandiyan ka pala, Paisley,” anitong inilapag ang tangang tray sa ibabaw ng kitchen counter. “Abala kami ngayon dito sa bahay. Dumating ang mga amo kaninang alas tres ng hapon!”

“Talaga po?” tugon niyang nanlaki ang mga mata na parang nadagdagan ng buhay ang mga dulo ng kanyang mga nerves. “Sinu-sino po ang dumating?”

“Kompleto ang pamilya,” tugon nitong tinapik siya sa braso bago nagtungo sa harapan ng kalan.

“Paano ko po maibabalik itong mga hiniram kong libro at puzzle?” tanong niyang napatingin sa dalang paper bag. “Puwede po bang iwanan ko na lang dito sa mesa?”

“Naku, huwag!” anitong napailing. “Sa sobrang abala ko ay baka makalimutan kong ilagay sa tamang lugar at baka magpunta dito sa kusina si Ma’am Edina at makita ang mga libro niya ay baka magalit.”

“Eh, iuuwi ko na lamang po ulit...”

“Dumaan ka na lang sa pintuan mula sa balkon,” suhestyon nito. “Alam mo na ang daan patungo sa library mula doon, hindi ba?”



“Ah, okay po iyon, Aling Rufina,” aniyang napangiti. “Huwag po kayong mag-alala, hindi po ako magpapakita sa kanila.”

“Hindi iyon ang dahilan, Ineng,” malambing na sabi nito. “Mabubuti naman silang tao; kaso ay gusto kong maibalik na kaagad ang mga libro.”

“Opo,” tango niya. “Nauunawaan ko po.” Pagkasabi niyon ay naalala niya ang pangyayari sa *Meralco Theater* na hindi pa niya naikukuwento sa housekeeper. *They are good people... especially Egil...*

Madali siyang nakapasok mula sa pinto ng balkon. Madilim sa silid-aklatan ng mga Santillan at minabuti ni Paisley na huwag buksan ang ilaw. Alam niya kung saan dapat isauli ang mga libro kaya minadali niya ang paglalagay ng mga iyon sa dating puwesto. Nang ang kahon na lamang ng jigsaw puzzle ang natira ay nagtungo siya sa isang walk-in cabinet sa isang sulok ng silid kung saan nandoon ang mga kahon ng jigsaw puzzles, board games tulad ng *Scrabble*, *Monopoly*, *Pictionary*, at iba pa. Binuksan niya ang pinto ng cabinet at pumasok.

Kalalagay lang niya sa kahon ng puzzle sa lugar nito nang manlaki ang kanyang mga mata. Narinig niyang bumukas ang pinto ng silid-aklatan kaya mabilis niyang isinara ang pinto ng cabinet.

*The Heart Won't Lie - Audrey Torres*

---

Nagliwanag sa silid-aklatan at pumasok ang tatlong miyembro ng familia Santillan.

# 3

“...Hindi ba puwedeng sabihin mo na lang nang derechahan kay Don Jose, Dad?” ani Egil na siyang nag-switch on sa ilaw. Malaki ang pagtutol sa kanyang kalooban sa ipinagtapat ng ama.

Ang ina niyang si Edina Santillan ay nagtungo sa chaise lounge; nakasunod dito ang Siamese cat na si Tessa na kaagad lumundag sa kandungan nito. Ang ama niyang si Gilbert Santillan ay naupo sa reclining chair nito sa tabi ng smoking table.

“Derechang ano?” tanong ng ginoo.

“Para hindi na natin kailangan pang gawin ‘yang gustoip mong... how would I call it, scheme?’ aniyang nanatiling nakatayo sa tabi ng pinto.

“Call it anything you want,” ani Mr. Santillan na malapit nang mawalan ng pasensya. “This is our situation, Egil; our pharmaceutical company needs this leverage with *JC Chemical Industries* so we can explore new markets. We need this new source of growth, or else, our business will die out.”

“That’s why it is better for us to sell the company since it is no longer that profitable,” rason ng binata

na nagtungo sa tabi ng bintana na isang dipa lang ang layo mula sa cabinet. “Maano kung maging hostile ang takeover ng kompanya niya sa atin? What we must focus on is finding investors to invest on our real estate property in Makati and Pasig. Kaso ang iniisip mo pa rin, Dad, ay ang kahihiyan. Marami nang mga kompanya ang nalugi at nagsara. Ours will just be a drop in the bucket.”

“Ang hirap sa ‘yo,” matalim na tugon ng ama, “you don’t own any loyalty and sentiment sa pinagpaguran ng iyong mga ninuno!”

Napatingin si Egil sa ina na parang batang humihingi ng tulong; pero wala sa expression ng mukha nito na balak siyang kampihan.

“Egil, hijo,” masuyong sabi ni Mrs. Santillan, “siyempre hindi ka namin mapipilit kung hindi mo gusto si Christine.”

“Christine and I have been friends since we were kids,” tugon niya sa ina. “She’s a nice person, pero hanggang doon lang iyon.”

“Sa tono ng iyong pananalita ay hindi mo type si Christine,” pakli nito. “I, myself, think she’s a bit plain, hmm?”

“Mommy!” aniya na napabuwelta at iiling-iling

na tumingin sa ginang.

“Listen to your father, hijo,” dugtong pa nito. “Look at luxury brands like *Bvlgari* and *Versace*, they’re into high-end hotels now. *Giorgio Armani* is into household accessories. Kung si Oprah Winfrey nga, nakikipag-team-up sa ibang talk show hosts gaya ni Rachael Ray saka si Dr. Phil.”

“Alam ko kung anong leverage ang ibig sabihin ni Daddy, Mommy,” seryoso niyang tugon dahil kung tratuhin siya ng mga magulang ay parang hindi pa rin siya grown-up.

“Well, that is how I see the situation,” natatawang saad nito na nagkibit-balikat.

“Pero ang gusto ni Don Jose ay family merger,” muling tutol ng binata.

“It will not be a hostile takeover sa ating kompanya kung mapa-pacify natin si Don Jose,” medyo nawawalan na ng pasensyang sabad ng kanyang ama. “Kaya nga pag-isipan mong mabuti ang planong sinabi ko sa ‘yo.’”

“They will be offended, Egil,” sambot ng kanyang ina. Pakiramdam niya ay pinagtutulungan siya ng mga ito. “Tatanggapin na malaking insulto ng mga Crisostomo ang tanggihan natin ang anak nilang si

Christine.”

“Pero kung makukumbinsi natin si *compadre* Jose na ikaw ay in love at engaged na sa ibang babae,” dugtong ni Gilbert, “iyon ay sapat na para makuha nito ang ideya na may ibang partidong masasaktan.”

“Do you think he will accept that?” may pagdududa na tanong ni Mrs. Santillan sa esposo. “Kilala itong anak natin na skirt hunter. Halos buwan-buwan ay iba ang ka-date.”

“Sa akala mo ba’y hindi rin iyon alam ni Don Jose?” tugon nito na halos dumagundong sa buong silid ang boses. “Nang nag-go-golf kami nitong nakaraang Sabado ay sinabi ko nang may nobya itong si Egil at hindi ako nakakibo nang pakitaan ako ng clippings mula sa diyaryo na may litrato nitong anak natin na iba’t ibang babae ang kasama. At alam mo ba kung ano ang sabi sa akin? Mukha daw hindi seryoso sa kanyang mga relasyon si Egil!”

“At saka sino naman sa palagay mo ang papayag na gumanap sa papel na nobya nitong ating anak?”

“Iyon ang responsibilidad niya,” ani Mr. Santillan na napabuntong-hininga dahil may punto ang asawa. “Ako na ang nag-isip ng paraan para hindi mainsulto ang mga Crisostomo. Siya na ang humanap ng

ipoporma niya sa harap ng mga tao bilang kanyang nobya!”

“This is ridiculous!” bulong ni Egil sa sarili na napatiiim-bagang.

“It’s not as bad as pinipilit ka naming pakasalan si Christine,” masuyong turan ni Mrs. Santillan. “In fact, we do not want you to be forced into a marriage you do not want.”

“Pero ang solusyon ay napakadali, Mommy,” tugon niya rito. “Let our companies merge, but leave my personal life alone!”

“No,” kontra ng kanyang ama, “all we need is for you to play for time, hanggang sa makuha natin ang merger.”

“Gaano katagal, Daddy?”

“Christine will be arriving in two months’ time mula sa America,” si Mrs. Santillan ang sumagot. “May sapat na panahon ka pa para humanap ng babae na papayag na maging nobya mo at isama kung saan-saan para makilala ng mga kaibigan natin.”

“Hindi ba puwede si Georgina?” tanong ng binata. “I mean, she’s the one I have been dating lately.”

“Hindi puwede si Georgina Ortega dahil baka seryosohin niya ang sitwasyon,” mabilis na sagot ni Mr. Santillan. “Kung sigurado ka sa damdamin mo sa babaeng iyon ay sige, siya ang iparada mong nobya sa harap ng mga Crisostomo.”

“If it is possible,” salo ng ginang, “find someone who is willing to be paid by playing the role of the false fiancée; someone who will not make any emotional demands; someone who will be willing to disappear after playing her part.”

“This is cold-blooded.” Napailing na nagtagis ang mga bagang ni Egil sa ideyang iyon ng mga magulang.

“And remember,” patuloy pa ng ama na hindi pinansin ang kanyang nag-aalsang damdamin, “wala kang ide-date kundi ang babaeng ito hanggang sa mapirmahan ang merger. I will defray all expenses.”

“Right,” malamig na tugon niya na may disgusto saka muling nanungawan at naaninag ang isang bagay sa hilagang bahagi ng hardin sa di-kalayuan ng punong macopa. “Bakit may hagdanan doon sa tabi ng pader sa may puno ng macopa?”

“Huwag mong pansinin ‘yon, Egil,” tugon ni Mrs. Santillan. “Baka nanguha na naman ng macopa ‘yung



kapitbahay natin at nakalimutang alisin ang hagdan.”

“Wala bang may gustong pag-usapan ang problema dito?” inis nang sabad ni Mr. Santillan na tumindig mula sa kinaupuan nito. “Ewan ko! Kung hindi hagdan ay macopa! Kung hindi macopa ay Oprah Winfrey!”

Iiling-iling itong lumabas ng silid-aklatan na sinundan nilang mag-ina ng tingin. Sinenyasan ni Mrs. Santillan ang anak para lumapit dito at umisod ito para bigyan siya ng lugar sa kinauupuan nitong chaise lounge.

“What am I to do, Mommy?” tanong niyang naupo sa tabi nito. “Ang hirap ng gustong mangyari ni Daddy. Saan ako makakakita ng babaeng papayag na magpanggap na nobya ko?”

“At kung matagpuan mo man siya, the only thing I worry for her is that,” masuyong tugon nito na hinaplos ang kanyang buhok, “she’s in danger of falling in love with you.”

Napangiti lamang siya sa sinabi nito.

“Come,” anyaya ng ginang na tumindig, “let’s have coffee or something. This meeting is adjourned.”

Nauna na itong lumabas ng silid-aklatan.

Minabuti muna ni Egil na lumapit sa nakaawang na pinto ng cabinet para isara iyon.

Halos hindi huminga si Paisley nang sumara ang pinto ng cabinet at muling bumukas dahil medyo palyado ang lock niyon.

“Are you coming?” tanong ni Mrs. Santillan sa binata.

“Yes,” tugon niya na nilakasan ang tulak sa pinto para sumara iyon.

Nang masigurong wala nang tao sa silid-aklatan ay napabuntong-hininga ang dalaga na noon ay halos pagpawisan nang malamig sa loob ng cabinet.

---

Ikinandado ni Paisley ang pinto ng kanyang tindahan ng mga segunda-manong damit, sapatos, at tumatanggap din siya ng dry cleaning. Tiningnan niya ang oras sa kanyang relo at nakitang pasado alas cinco pa lamang.

“Araw ng Sabado, kung kailan naman...” bulong niyang napapailing sa sarili. Intensyon niyang magsara ng mga bandang alas siete dahil mas maraming tao ang napapadaan sa kalyeng iyon sa di-kalayuan ng palengke ng mga bandang alas seis. “Lumipad na

naman ang pagkakataon na kumita!”

Tumawag si Brenda at sinabing hindi raw ito makapagluto ng hapunan dahil may tagas daw ang tangke at nangangamoy gas sa buong kabahayan. Medyo hysterical na ang kapatid nang makausap niya ito sa telepono kaya minabuti niyang umuwi kaysa datnang lumalagablab ang kanilang bahay.

Sumakay siya sa kanyang bisikletang luma—uso noong panahon ng 70s na may malaking manibela—saka minabuting sa shortcut magdaan kaysa suungin ang parang dagat ng mga tricycles sa gitnang-bayan.

Ang dapat na leisurely pace ng kanyang pagbibisikleta ay para siya ngayong nangangarera. Ang hirap pa naman sa daang iyon; baku-bako na ay maraming bahagi ang pataas. Halos hingalin siya sa huling kalye bago makarating sa likurang tarangkahan ng *Commonwealth Hills* kung kaya naglakad na muna siyang akay ang bisikleta. Nang makarating sa likurang dulo ng Main Avenue ng subdivision ay saka siya muling sumakay at doon niya pinaharurot ang bisikleta pababa.

Pangalawa sa huling kanto sa kabilang dulo ng mahabang avenue na iyon ang kanilang bahay at nasiyahan siya sa preskong hangin na humampas sa kanyang mukha. Hindi na niya kailangang mag-

pedal at yumuko pa siya para mabawasan ang wind resistance kung kaya lalo pang bumilis ang takbo ng bisikleta.

Hindi niya alintana ang lahat ng mga tunog sa paligid; ang naririnig lang ni Paisley ay ang ugong ng hangin sa magkabila niyang tainga kung kaya nanlaki na lamang ang kanyang mga mata nang makita ang unahan ng isang pulang kotse na lumabas mula sa Third Street.

Ilang metro pa ang itinakbo ng bisikleta bago kumagat ang preno kaya huli niyang pag-asa ang sumemplang sa mababang pader sa gilid ng daan sa kanyang bandang kaliwa.

Nakita ng driver ng kotse ang pangyayari kaya minabuti nitong iparada sa kabilang dako ng kalye ang sasakyan nito at mabilis na umibis.

“Are you al... Paisley! Ikaw na naman?” anitong nakilala siya.

“Iyon din ang sasasabihin ko,” tugon niyang napasapo sa kanyang kanang paa. “Ikaw na naman... Aww!”

Yuyuko sana siya para itayo ang kanyang bisikleta, pero inunahan na siya ni Egil. Itinayo nito ang two-wheel na sasakyan at isinandal iyon sa pader

na kinabunguan niya.

“It’s ruined,” komento nito na in-assess ang bisikleta bago muling tumingin sa kanya. “Mayroon akong isa pang bike sa bahay. Puwede bang ipalit ko na lang iyon?”

“Buo pa naman ang chassis,” aniyang nilingon ang bisikleta. “Mayroon akong parts sa bodega namin. Ipapagawa ko na lang sa inyong handyman na si Mang Ador.”

“I feel so embarrassed,” tugon nitong nagkunot-noo. “You seem to know a lot about me and the people who work for us...”

“Huwag mong isiping mag-apologize na sa tagal na nating magkapitbahay ay ngayon lang uli tayo nagkausap,” aniyang nakangiti. “At saka alam kong hindi kayo interesado na makilala kami dahil...”

“We do not move in the same circle,” dugtong nito na nabasa ang laman ng kanyang utak.

“Exactly,” nakangiti niyang pakli kahit masakit ang katotohanan na magkalayo ang estado nila sa buhay ay hindi niya maitanggi sa sarili na ang binata pa rin ang pinakaguwapong lalaki na kanyang nakaengkuwentro at sa mga sandaling iyon ay maingat nitong tangan ang kanyang kamay. “Tama

lang na huwag nating gambalain ang isa't isa—to each his own—'ika nga?"

"Kaya mo bang maglakad or shall I take you home in my car?" tanong nitong inalalayan siyang lumakad.

"Ewan ko," nakangiwi niyang tugon na gustoip na puwede naman siyang maglakad na lamang. "We will see... Sa tuwina lang tayo magkikita, may kung anong aberya..." Napakagat-labi siya nang maramdaman ang sakit sa kanyang kanang bukungbukong.

Nakita ni Egil na may nadarama siyang sakit kaya sinimulan siyang akayin nito patungo sa ipinarada nitong kotse sa kabilang dako ng kalye. Iyon ay isang *Alfa Romeo Spider*.

May isang alaalang bumalik sa kanya noong mga bata pa sila. Kung gayon ay nakuha na nito ang gusto... ang magkaroon ng ganoon klaseng sasakyan.

"Ihahatid kita sa bahay n'yo," desisyon nito.

"Malapit lang naman..." protesta sana niya.

"Second Street?"

---

May pagtatakang napatingin si Brenda nang pumasok sa kanilang driveway ang pulang sports car at napataas ang isang kilay nito nang umibis ang binata na mabilis na pinagbuxan si Paisley ng pinto saka inalalayang umibis.

“Bakit ngayon ka lang?” matigas na tanong ng kanyang kapatid na tumindig mula sa pagkakaupo sa baitang ng kanilang porch. Nagtataka itong nakatingin kung bakit naroon si Egil Santillan. “Nangangamoy gas sa loob ng bahay kaya ayaw kong pumasok.”

“Tingnan mo ang kapatid ko,” nakangiting sabi ni Paisley na humawak sa braso ng binata, “nakikita na ngang nasaktan ako, siya pa ang may ganang magalit.”

Pinilit niyang lumakad nang mag-isa, pero umalalay pa rin ang lalaki sa kanya.

“What can I do to help?” tanong nito na binigyan ng matipid na ngiti si Brenda na noon ay nakatingin pa rin dito.

Nasulasok ang kanilang mga ilong sa amoy ng bahay nang buksan ng binata ang pinto.

“Pakibuxan na lang ang mga bintana at i-o-off ko ang tangke ng gas,” ani Paisley rito na nasa akto nang patungo sa direksyon ng kusina nang madama

niya ang kamay ni Egil sa kanyang braso.

“No, stay here,” pigil nito sa kanyang itinuro ang pintuan na nasa harapan nila; nagtatanong ang mga mata nito kung doon ba ang daan patungo sa kusina.

“Pero...”

Kahit gustoip niyang baka delikado para rito ang pumasok sa loob ay hindi niya ito napigil. Kahit pipilay-pilay ay lumapit siya sa pinakamalapit na bintana para buksan iyon. Patungo na siya sa susunod na bintana nang bumalik si Egil na nakangiti.

“It’s under control now,” anitong inunahan na siyang buksan ang bintana at nagtungo pa sa susunod hanggang sa malanghap nila ang preskong hangin mula sa labas at unti-unting nawala ang amoy ng gas. “Now,” baling uli nito sa kanya, “let us look at your feet.”

“Siguro ay na-sprain lang,” aniyang naupo sa pang-isahang sofa; tinanggal ang kanyang mga sapatos at medyas at napatingin sa bukas na pinto saka kinawayan si Brenda para papasukin ito.

Atubili naman itong pumasok; nakasimangot at pailalim ang tingin sa kanya. Halatang may diskurso ito na sasabihin sa kanya, pero hindi masabi dahil may ibang tao.



“Hindi na amoy gas dito sa loob,” saad niya nang makapasok ang kapatid. “Pakikuha ‘yung elastic bandage sa first aid cabinet.”

“Well?” tanong ni Egil nang tingalain siya nito.

“Siguro ay na-sprain lang itong paa ko,” aniyang kinuha ang elastic bandage na inihagis lamang ni Brenda sa kanyang tabi. Napatingin siya na may inis sa kapatid at hindi na natiis na pansinin ang hindi nito magandang pag-uugali. “Umayos ka nga d’yan! Ano ba ang problema mo?”

Hindi ito sumagot bagkus ay nagtungo sa isang karatig-silid at ibinalibag ang pinto.

“Sandali lang, ha?” paumanhin niya sa binata at saka pipilay-pilay na sinundan sa silid ang kapatid.

Hindi niya masyadong gustoara ang pinto kung kaya medyo narinig ni Egil ang kanilang mainit na diskusyon. Hindi ma-distinguish ng binata kung ano-ano ang kanilang pinagsasabi dahil halos si Brenda lamang ang mataas ang tono ng boses. Ilang minuto silang nagtalong magkapatid at si Brenda na ang biglang lumabas ng silid.

“Ah, basta,” galit na sabi nito at padabog na muling nagtungo sa labas ng bahay, “kapag hindi ako nakasama sa tour ng mga kaklase ko sa Boracay ay

titigil na lang ako ng pag-aaral!”

Sinundan ito ni Egil ng tingin at natulig sa pabagsak na pagsara ng pinto bago binalingan si Paisley na noon ay iiling-iling.

“Pasensya ka na,” aniya na pipilay-pilay na nagbalik sa kinaupuang sofa.

Hindi ito tumugon bagkus ay lumuhod sa harapan niya at sumenyas na ibigay rito ang pangbenda at eksperto nitong itinali iyon sa kanyang namamagang bukung-bukong. Medyo nahiya nga siya dahil baka amoy pawis iyon.

“How does that feel?” tanong nito nang matapos sa pagbebenda. “Madalas din akong ma-sprain dahil naglalaro ako ng tennis.”

“Feels good,” tango niyang napangiti dahil hinatak pa nito ang mababang stool at ipinatong doon ang kanyang paa.

“Now,” saad nitong may hinugot sa bulsa ng jacket at ibinigay iyon sa kanya, “here is my card and—”

May sasabihin pa sana ito, pero sabay silang napatingin sa direksyon ng pinto dahil may parang nabasag na paso at iyon ay sinundan pa ng isa.

“Magpapakamatay ako kapag hindi ako nakasama sa mga kaklase ko!” sigaw ng teenager sa labas na nagbasag ng isa pang paso.

“Is she always like that?” tanong ni Egil na puno ng concern.

Napayuko lamang ang dalaga saka kagat-labi na tumango. Tumulo ang ilang patak ng luha mula sa kanyang mga mata na hindi na niya napigilan.

Sandali silang natahimik dahil hindi alam ng binata kung makikipag-usap ito sa kanya tungkol sa pagwawala ng kanyang kapatid.

“Look,” indecisive na sabi nito, “I am running an errand for my mother—kapag hindi gumaling ang paa mo in three days’ time, call me and I’ll defray all expenses.”

Halos lumabo ang kanyang paningin dahil sa kanyang luha, pero ang huling pangungusap ng binata ang tumimo sa kanyang isipan. Narinig na niya minsan ang pangungusap na iyon—nang siya ay nasa loob ng cabinet!

“Are you sure you are all right if I leave you two and sort your problem out?”

Tumango na may kasama pang singhot at hikbi.

“Aalis na ako,” paalam nito na nagtungo na sa pinto. “Take a pain reliever kung hindi mo matiis ang sakit, okay?”

“Yes,” aniyang sinundan ito ng tingin.

Halos nasa labas na ang isa nitong paa nang makarating siya sa isang desisyon.

“Egil, wait!”

“Yes?”

“Narinig ko ang usapan n’yo sa inyong library...”